**2010 CPMA – Second Prize- Tula**

# PAROKYA

**NILALAMAN**

Ilog

Pari

Manang

Madre

Musikero

Anak

Klasmeyt

Potograpo

Doktor

Titser

Parlorista

Sinto

Pulubi

Bisikleta

Puno

**ILOG**

1
Ang kilapsaw mo:
dati'y mapusyaw na bughaw,
kanlungan ng kansusuwit
at paliguan ng baguntaong
sumisirko, walang takot sa pagsisid.
Sinong nagsabing hindi kayang
arukin ng musmos ang lalim ng tubig?

2
Nabunot ang talahibang
pilikmata ng iyong pampang,
nanlimahid pati ulap
sa mantsang dumating
nang marahan,
halos hindi naramdamang
sumakop sa buong tanawin.

3
Naglaho ang agos mong
malamig sa paa ng pagod na kalabaw.

4
Sa paligid mo, gumapang tulad ng amag
ang bahayan ng mga taga-lungsod.

**PARI**

Para siyang balumbon ng ulap
na lumilibot sa mga konset at ward
tuwing alas-sais ng umaga.
Ibinabadya ng taginting ng kampanilyang
ikinakampay ng sakristang pupungas-pungas
ang  kaniyang lumalakad na pagdalaw,
kasabay halos ng rasyong kape't pandesal
sa mga pasyenteng nakikipagbuno
sa bangungot ng magdamag
sa limahid na kubrekama ng lungkot.
Walang palya, walang sawa
ang pagbendisyon sa lulugo-lugo,
buryong, abandonado, ulyanin,
mabaliw-baliw, at naghihingalo.
At parang pinagpag ng biglang
pagdapo ng mga kalapati sa pasemanong
hindi pa napapalisan ng alabok,
magliliparan ang mumunting ligalig
na namamahay sa balat ng lahat.
Bitamina ang mahinay na sinag
ng araw na umaagos sa bintana.
Ang mga muta, ang mga langib
ang mga buntunghininga't pagkangalay
ay tila nililinis ng lumilipad na hamog
mula sa kaniyang mga daliri.
Umiimbay siya kipkip ang salteryo
at umiimbay din ang sutanang
sa tama ng umiinit na araw
ay sumisilaw kahit sa matang

nakapikit sa biyaya ng pag-asang
bago at nariyan, nariyan lamang.
Babagtasin niya ang kuwarto,
at marahang huhupa ang taginting
ng kampanilyang sumikdo sa tainga,
at maiiwan ang yabag ng pari
sa sahig na napatakan ng banal na tubig.

**MANANG**

“Puwedeng maitago ng makapal na belo ang sulyap ng mata
pero hindi maikukubli ng puso ang ragasa ng
di-masawatang pagnanasa,” sasabihin ng ibang manang.
Pero pinakalikas na puwedeng mangyari sa laong birhen:
Umibig sa pinakakarapat-dapat sa lahat ng binata
pinakamakisig na lalaking nakasalamuha sa parokya: si Father.
Alam niya, lilibakin lamang ng lahat ang kaniyang lihim
kaya pinapanatili lamang niyang lihim na lihim ang pag-ibig.
Pero sa kabila ng rosaryo, pagtitirik ng kandila at pagwawaksi ng malisya
patuloy na unti-unting humihigpit araw-araw ang sinturon
ng itinuturing niyang kabanal-banalang pagmamahal.
Darating ang panahon, nararamdaman niya, huhulagpos
sa kaniyang balakang ang di-malirip na ligayang lumilipad
patungo sa mga ulap at bughaw na langit ng mukha ng kinatawan
ni Kristo sa munting mundong ito. Wala siyang hinihinging gantimpala
sa pagbubuhos ng panahon sa mga gawaing makapagliligtas ng kapuwa
sa pamumuno ng matipunong pastol na nagkukubli sa abito.
Siya ang aking Poon at lahat ng sakripisyo’y gagawin sa ngalan niya.
Napansin ng lahat ang bagong gaan sa hakbang ng Manang
at pagkagiliw sa dating kinaiinisang batang matatabil at sutil.
Hindi kaya dahil sa homiliya ni Father noong isang taon pa
na tularan ang paraan ng mga musmos sa pagwaksi sa sala?
Hindi tuloy niya pinagtatakhan ang tila higit na pagkagusto
ni Father sa mga kabataang tuwing Linggo ng hapon
ay kausap sa hardin o sa sakristi at kasama niya sa meditasyon.
Oo, malapit si Father sa mga inosenteng tulad ni Rosario.
Kung mangyaring kasinggulang niya ang mga dalagita
disin sana’y hinahawakan din nang mahigpit ni Father
ang kaniyang kamay o maging ang balakang
na nangangatal sa pinakabanal at dibinong pagmamahal.

**MADRE**

Kung titingnang mabuti, nasa kaniyang mga mata ang Mahal na Birhen
at nasa kaniyang abito ang bughaw ng paraiso at linis ng dagat-Olandes.
Hindi niya pansin ang alingasaw ng gumagapang na sugat ng ketong.
Higit pa: ang lahat ng alintana'y nasa pulo-pulo ng inililigtas na laman,
laging mapagkalinga ang kaniyang kamay sa pasyenteng
kailanma'y hindi nakaranas ng langgas sa doktor at nars.
Nililinis niya ang bulok na sugat na para bang tahanan iyon ng Diyos.
Maaasiwa ang pasyente, hindi makatingin sa anyo ng paglilingkod
na kailanman ay hindi sumagi sa isip ng mga manang
na namimigay ng karidad at kawanggawa sa loob ng simbahan.
Naaampat ang pagngatngat ng gangrena at naghihilom ang di-masukat
na lalim ng sugat ng loob na sanhi ng kamag-anak na lumimot
o higit pa, ng kasintahang biglang nandiri't tuluyang lumayo.
Pero mapagkupkop diumano ang Diyos at maningning na patunay
itong madreng ano't hindi natatakot sa malagim na pagkahawa;
hindi kinilabutan sa sumpang kumukulapol sa balat ng tao.
Minamahal kasi niya ang nagdurusa sa mundo ng kimpal na luha
lalo na ang mga itinuturing nang patay ng parokyang hidhid at manhid.
Alam niyang tanging pumipintig ang tunay na awa at pag-ibig
dito sa lupa at hindi tulad ni Danteng dumalaw sa singsing ng impiyerno
at hindi mahaplos man lang ang mga kakilalang saklot ng pagdurusa.
Hindi lamang nakikiisang damdamin sa pagpapatulo ng luha,
puwedeng kausapin ang nagsusumakit na kapuwa ngayon
at puwedeng may magawa ang isang bukas-ang-puso
tulad ng paghuhugas sa pinapasang krus na tumatahan sa laman.

**MUSIKERO**

Lumaylay kundi man lumuslos na ang bayag mo
sa katototrombon sa mga baile at asalto;
diwalwal na ang dila sa kahahalik sa instrumento
pero hindi kompleto ang buhay ng nasa parokya
kung wala ang lipad, landi, tikas at lambing ng musika
ng mga katoto sa trumpeta, piano, gitara, tambol, at pompiyang.
Sumikad sa panahon ang mga salinlahi ng mga bata
sa ritmo ng balse, tango, kutilyon at disko.
Nilango sila ng gradwesyon sa kumpas ng iyong gintong embudo:
Hinalikan ni Johan si Leslie sa hipnotikong imbay ng tugtog
ng banda, sabihin mang parang masyadong antigo
ang ere ng granbol na hinabi ng mga kontrapuntong
hindi malaman kung saan hinugot sa patay-sinding
bombilyang pinaghirapang isabit ni Mang Vicente
sa plasang pahingahan sa araw ng kambing at lasenggo.
Nagtakbuhan ang lahat ng lumitaw si Fred na wasiwas
ang itak dahil nahuli ang kabit na pinatungan ng binatilyo.
Sige lang ang tugtog ninyo sa pag-aakalang sasantuhin
ng nagwawala ang maharot na pag-ilanlang ng *El bimbo.*
Pero nagpulasan na rin kayo nang umamba ang talim
sa direksiyon ninyong musikerong nang-asar sa huramentado.
Iniligtas lamang kayo ng silbato ng botsog na pulis
na rerekruting miyembro noon din sa galing ng tiyempo.
Bumaliko nang kaunti ang embudo mo sa pagkadapa
pero wala namang nagbago sa timbre ng tumbagang tono
nang sumunod na pista ng Birhen ng Rosaryo.
Gayon nang gayon ang tanghal ng bandang mas tumagal
ang popularidad kaysa pinakabantog mang musiko sa mundo
sa higpit ng pulupot sa buhay ng mga taga-parokya.

Humiwalay lamang sa iyo ang mahal na trombon
nang hithitin ng empisema ang iyong bahay-hininga.

**ANAK**

Kapag uminit na ang itim na plantsa
sa uling na binuhay sa ihi ng gaas
at munting apoy na dila ng palito
at sa masagsag na paypay ng anahaw,
papasok sa ilong ko ang sangsang ng nalusaw
na kandilang ipinunas sa nguso at tiyan
ng mabigat na pundidong metal.
Lalo lamang sasama ang dismenoryang
ilang buwan pa lang pumapaso sa aking puson.
Maya-maya, ilulunsad ang mainit na bapor
sa ilang latag ng sariwang alon ng dahon ng saging,
gagapang ang kinis at lambot sa rabaw ng dahon,
parang natapong tubig sa mantel, kumakalat nang unti-unti.
At lilipad sa alas-dos ang dinarang na amoy ng dahon:
parang samyo ng bibingka sa madaling araw,
parang lutong ng tinupig na gawa sa probinsiya,
parang natutong na kanin sa bangang sinagingan ang ilalim.
Magsisimula ang paroo't parito ng braso ni Nanay,
binubura ang gusot ng mga damit na nagduyan sa sampayan.
Maaamoy ang lambot ng sabon at linis ng banlaw ni Nanay.
Maaalala ko si Nanay at ang pawisan niyang mukha,
maluha-luha sa alas-tres ng drama sa radyo.
O sa asap ng dahong naluto ng gumagapang na kalan.
Marahil, sa tungkuling mapanuto ang mga anak.
Ngayon, ipinagpaplantsa ni Inday
ang kaniyang mga apo sa pusod ng kondominyum,
malinis na malinis ang pinabrikang aromang
sumisingaw sa haplos ng de-koryenteng plantsang
may pihitan ng ligamgam hanggang darang.

Sa karpet, abalang-abala sa pagbibihis kay Barbie
ang bunso kong si Lizzie.

**KLASMEYT**

Pinakamasarap na pakiramdam
nang mablak-ayan kita
pagkalabas ng misa,
sansaglit pagkatapos
sabihin ni Father Soren
"Go in peace."
Sigurado ako, ganun ka din
nang maiwan ang gumagapang
na pasa sa aking pisngi.
Ilang segundo ring nanood
ang nagulantang na kawan:
pukulan ng apoy
na kanina lang ay lumutang
sa ating anghelikong ulo.
Ang mga daliring babad sa holy water
ay naging kamaong may ningning ng tingga.
Daig pa ang "A Thrillah in Manila."
Sa opis kinabukasan, tulak ng prinsipal
at ng mga magulang,
mahigpit tayong pinagkamay.
Gusto kong durugin ang palad mo.
Tuloy, nag-iwan ng baga ng banta
ang pikit na mata mo
kahit nadilig na tayo ng sermon
at nabasbasan ng kumpisal.
Lahat ay gagawin para sa
pasiklab ng mga binatang taring
para sa morenang dalaginding.

Limot na pilas na lamang sana
ang musmos na karahasan.
Kasama sa mga kuwentong aliwan
sa mga inuman natin
kapag binyag ng bagong bunso
o sa napapadalas na reunyon
ng masesenting dating kasibulan.
Pero heto nga pare,
ginulat na lang kami ng haginit
ng balitang nahulog ka sa Saudi
habang nasa tayog ng itinatayong gusali.
Akala ko, hindi totoo
hanggang heto nga at inilalabas ka na namin--
matapos ang krus na bendisyon ng batang pari,
at muling pag-ilanlang ng "Go in peace"--
sa bagong bihis na simbahang
pinagbabagan natin noon.

**POTOGRAPO**

Maraming balaghang posible pala sa mga kababayan.
Bihirang maitanghal pero kapag lumitaw, malinaw na malinaw:
Mga naisakatuparang larawang gumugulat pa rin sa mata,
at nadaramang liwanag sa apertura ng matanda kong kamera.
Ganito nga ba iyon? Kapag nagdilim ang pag-iisip
magliliwanag ang unos ng talim at ang ulan ng bala?
Kapag nagpanting ang tainga, haharumpak na ang dugo?
Mabait siyang ina pero ano ang nagsanhi sa mga braso
para damputin ang dos-por-dos at nabubulagang
hatawin ang munting banga ng bungo ng bunso?
Hindi ba mamukhaan ng malamig na dahas ni Juan
si Mariang wala nang mapagsisidlan ng pagtitiis
kaya walang lingon at walang pasabi siyang sana'y lalayo?
Sandosenang unday ng icepick ang nakiusap sa babae.
Hindi maarok na balon ng baguntaong pagtatampo
ang lumamukos sa puso ng sensitibong si Herminio:
Araw ng linggong pinagalitan ng amang nagsimba
at sa gabi, nagbigti sa balon sa likod-bahay itong anak
at sa sinag ng umaga, huling-huli ng aking lente
iniahong parang tiniba at mga labi'y nangangasul na,
walang ngiting namutawi tulad sa nakaraang bertdey.
Nalaslas na lamang basta ang tagiliran niya sa kanto
nang madamay sa mga nag-aaway na mga haragan
at parang labada, sapusapo niya ang lumuwang bituka
uminot-inot sa di-kalayuang ospital para ipatahi ang natastas
na pusod; larawan ng tapang ng sikmurang mahirap tularan.
Tinubo ng traysikad drayber ang bugaw at putang sutsot
sa gitna ng dilim, o sa kaway ng pagbubukang-liwayway
at umani ng dalawang sako ng bangkay ang limahid na silid

na sa ikatlong araw ay nagbuga ng sulasok ng krimeng
kumapit sa ilong ng kapitbahay saka tumawag ng pulis.
Sa kamera, humingi ng hustisya ang mga agnas na mata.
Magkayakap na parang tagpo sa dakilang monumento
ang magkapatid na hindi nailigtas ng natarantang magulang
sa pagtupok ng impiyernong lumamon sa hilera ng siyanti.
Parang tuod na hugis-tao ang hinango sa umaaso pang abo
ang naiglapan ng kislap ng uminit-sa-singaw na kamera ko.
At wala, walang tumubos sa nalasog na katawan
ng matandang tumatawid sa bagong aspaltong haywey
kundi ang ospital na nais pag-aralan ang paraan
kung paanong ang katawan ay binabago ng gulang
at sakuna para sa mga sumisibol na doktor at nars.
Salamat ba sa bihasa kong kamera at ang rimarim ng buhay
ay nasasapul kundiman nauunawaan at naisasaayos
at naisasalansang dokumento, piraso ng mukha ng parokya?

**DOKTOR**

Alam niya ang oras ng pinakamatinding salakay ng sakit:
Kapag gulapay na sa lungkot ang katawan.
Wala nang silbi ang pinakamaangas na diyagnosis at terapi
laban sa mikrobyo, laban sa impeksiyon, laban sa karamdaman.
Sa ganito, iginupo na ng di-makitang sugat ang apoy
na nagbibigay ng sigla o katwirang mabuhay
sa may katawan. Sa ganito, binabayaang pumasok sa mga selula
ang mumunting ngiping ngumangatngat sa ibutod
ng ligaya at inuubos ang lahat sa atay ng ginhawa.
Nauupos na lang ang sarili at hindi maipagpatuloy
ang pagsisikap na kumapit sa nagmamahal na kamay.
"Mahalin mo ang sarili nang higit sa lahat," bilin niya.
Pero paano na kung lumisan ang dating tumatahan?
O nakatahan nga ay namumuhi na sa naninirahan?
Itinuro ng agham ang hanggahan ng sarili at iba.
Hindi matatalos ng kasangkapan ng medisina
ang himaymay at tiklop ng damdamin at isip.
Makikita ang lumbay sa mga mata ng nakaratay
pero hindi ito tulad ng gasang matutuklap
lalo at nahirati na siya sa paghamig ng kamatayan
sa ward na itong kundi amoy-alkohol ay amoy-dugo.
Hindi niya mahahayaang magtila morge
ang guni-guni: Kailangang linisin ang isip
sa makabagbag-damdaming tagpo na kumakatok sa dibdib.
Sarado ang kabinet ng medisina sa paglaya ng kaluluwa.

## TITSER

*Malapit nang matapos ang lahat, sa inyo ay paalam na*
*mga mahal naming guro, kami'y handang lumakad.*

*Wasn't it pleasant/O brother mine*
*In those old days of the lost sunshine of youth.*

Magkakamukha na silang nakaplastar sa gapok niyang album
sa aninaw ng salaming makapal pa sa piraso ng hiniwang keso:
Mga dating uhuging nasa lahat ng dako ng mundo na ngayon,
nagtatalop ng patatas sa kusina ng barko sa Mediteranyo
o nagbabantay ng pagtaas-baba ng stocks sa Nueva York;
mga batang pumasok-lumabas sa baul ng kaniyang silid-aralan.
Pero bilang na bilang ang nakaalalang bumisita
sa kaniyang munting baul na bahay sa dulo ng eskinita.
Dati'y tinatawid ng mga paslit ang umapaw na sapa
at nilalakad ang lagkit-hulas ng maputik na kalsada
makahantong lamang sa kaniyang palasyo ng abakada,
bulwagan ng de-kolor na hugis o numerong umaarangkada,
estudyo ng mga boses ng anghelito at anghelita,
at madalas kubakob ng mga batang daig ang baka
sa lakas ng pagngawa at pagtawag sa ngalan ng ina.
Nasaan na silang samutsaring luwad ng titser?
Propitaryo na si Amablito ng kadena ng eskuwelahan
limpak na salapi ang hatak ng negosyong natuklasan;
henyo ng matematika si Albertong nagsusuri
ng mga blakhol sa di-maarok na espasyo-panahon;
tagadisenyo si Novak ng mga muwebles
na sumasalo sa mga bayag ng sheikh;
naipangalan kay Celedoniong panot
ang bagong tuklas na ahas sa Sierra Madre;

kinatatakutang politiko sa Mindanao
si Antoniong natae at naihi sa salawal;
tsinaptsap si Nieves at natabloid ang kaso
bilang babaeng hihiwalay sa opresibong gobernor;
nagjapayuki naman si Diding at nagtayo
ng bonggang mansiyon sa kabilang kanto lang;
pinakasalan ng Arabo ang operadang si Terry
nang mapanood sa operang hit sa Dubai;
ang artistahin at nag-artista talagang si Lorelei
ay naulalong kamote dahil sa kareretoke ng katawan;
inundayan ng patalim ng lambuting si Mario
ang mapagmalabis na Amerikanong umuring sa kaniya;
nagmistulang hot air balloon ang patpating si Rosa
at di na nakatakas sa kamang kaniyang kinahigaan;
supermodel si Jovita sa Pransiya, Espanya at Italya
pero super suplada sabi ng nakaenkuwentrong friendster;
iniwasan ng babae at inibig ng mga bakla
si Kikong ligo-otso ang uten at naadik sa sex;
kapitbahay lang ng titser si Eric Tamad
na walang ginawa kundi magpalaki ng bayag;
naging lider ng Alex Boncayao Brigade si Pereira
at napatay ang tiyuhin palang mangingikil ng masa;
madre si Diday na inialay ang talino sa pagkalinga
sa tribung dating mamumugot ng mga kanugnog na bayan;
nailigtas ni Andrei sa kamay ng mga piratang Aprikano
ang tanker at mga tripulanteng Amerikano, Europeo at Latino;
at hindi malilimutan ng titser ang sandamakmak na estudyanteng
kundi domestic helper ay marino, yaya o caregiver sa Hong Kong
at sa iba pang dakong parang narating at pinagreynahan na rin niya
sa apatnapung taong pagluklok sa trono ng munting silid-aralan.

**PARLORISTA**

Mami, wit na akets dats, ginetsing ng zygote
kaka to the max, mega nid pa naman ng trulalang
nephew no? Hay kaya pede ba mama, your beauty
of eternal help, walking dolls naman tayo oh
with your matching atm (gagah, not ang titi mo)
para naman ma-save ang fez kets sa kapamilya.
Korak 5k lang ever taz mega paysung me sa Sunday bond day.
Go? Beauty na lang, any monument ni Gaybriela
tsuk akets ng truliling Papi na mega think inuubos
kets ang anda sa anik-anik na mga menchu er ang beauty.
Hmp di naman help ever, nung maknow na juds ang dawter
mega open ang door to hell at ang sey ba naman go vaklah!
Di ba ateh join ang mudra sa anik-anik na beaucon para
i will survive ang drama ng budding bading na mega subo ng bato
ng estrogen soen mega tubo ang boobsie twins na ikinalukis
ng mga zygote kiskis kiskis ang mga notes sa bundok ng susong dalaga.
Potah nagmwahmwah ang papaelya kesehodang Cinderella time no?
Sey ko na lang, babalik ka ha at nagroll on na lang akets sa mukis haha!
Shet ha, tama ang juds sa I Love Phillip Morris, kalukis ang gastos
ng diwata ng kagandahan. Kundi ba naman nids rumaket to the highest heavens.
Knowing ko na-feel mo rin itets maa-freddie aguilar sa mga papi.
Sinets pa ang magrorosa rosal sa each other kundi mga lola.
Ay mwahmwah ay I mean ate! Masyado namang tatiana ang drama.
Knowing mo? Iconesh ng kadramahan iyang true lola mo.
Starlet ang eksena taz nainlove ang supurbet Kanets na piloto pala!
Mega wedding ring ang offer siyempre tsinuk agad ang keps
taz untrue to his words disapir na lang ang mentsaka until
climax ang confrontaton scene na magrereconciliation yata.
Tsuk na naman na nagbunga this time to a super beauty dawter

taz disapir na naman ang potang mahilig sa mwahmwah tsuk.
So many years later nasight ng lola ang mhin sa Hong Kong, supersmile
ang lolo mo, eh ang lola mo wa na feel ang fuck from hell so snap niya
nang sabihin ba naman "I am the father of our child, remember?":
"Kapal ng fez mo madz! Your shomod didn't make you a paderaka!"
Taz walk tall ang lola mo sa Indochine lane ng Hong Kong. Winner!
Kaya idol ko iyang lolita mo. Magaya nga ang eksena sa true to life.
Itets nga lang ang wit sa bodice ko: ang trulili na keps na keri magjontis.
Meanwhile ate, go na tayo sa atm para happy doll na ang lola mo.
Di nagets ng mga bagets ang tili nating vaklesh nang i-cut ko ang hair nila,
sabi na lang ng mga potential chupable papalets: "Haba ng hair n'yo!"

**SINTO**

Tulay ka daw sa daigdig ng mga espiritu
naliligaw na babaylan, nawawala sa sarili.
Pero dito sa parokya, para ka lang kulugo
sa tingin ng mga nahuhumaling sa mga dati at bagong kulto.
Wala naman silang malilimas sa bulsang baligtad,
para ka lang batang naglalarong sigla sa plasa
at tatawagin minsan-minsan ng mga maawain
para pakainin at bihisan pero babalik ka rin agad
sa nakamihasnang paglaboy sa singit-singit ng bayan.
Kinainisan ka minsan ng poon ng bahay na bato
nang mapagkamalang magnanakaw kaya hinataw
ng latigo sa harap ng metal na tarangkahan
at parang umatungal na bakang lumakad-takbong
nagkanlong sa sagingan sa likod ng simbahan.
Kahit wala sa katinuan, narating ng isip mo:
Malupit na malupit talaga ang tao at iibigin
mo pang makihiga sa kapuwa mga sugatang aso
at pusa na higit na mapagmahal kaysa maningning na kura.
Mas iibigin mo pang kainin na lamang ang itinapong
tira-tira kaysa mabigyang pagkakataon silang
tapunan ka ng awa para masabi sa nasa krus
na noong araw, araw-araw nilang inibig
ang nasa laylayan, ang mga nasa puwit ng parokya
para umimbulog na nakakasilaw ang kanilang kaluluwa.

## PULUBI

May pagsabog na lunti at pula sa himpapawid.
Nagdiriwang ang lahat sa pagsulpot ng bago.
Tumitibok ang paghihingalo ng taon.
Pumipintig ang pulso ko sa pulso mo:
Nagsasalabid ang mga guhit ng mga palad,
Sandaling sumasaway sa matalim na lamig.
Bulong lamang ang nagbubuhol sa atin ngayon.
Ano nga ba ang naghihintay sa kabila ng umaga?
Aakyatin ang tulay paghupa ng nasunog na kulay.
At sa pag-akyat, tatambad ang pulubing natutulog,
ang pulubing binabati ng sumisikat na araw.

**BISIKLETA**

Ibig sabihin ba ng pagtigil ng pedal
ay pagtigil din ng pagmamahal?
Hindi sumulong ang mata sa madaling araw.
Sa halip, hindi makahuma ang alas-tres
sa natanaw na pagtibok ng kilalang anino
sa ilalim ng mga akasyang tiklop pa
ang mga dahon sa namuong hamog.
Anuman ang lihim na pagnanasa, natambad
sa hindi maikakailang paghahanap,
ang hindi maaming panghihinawa
sa init ng labing pilit tumutugon
sa maluwag na yakap at malayong dantay;
anong paglingon ang hindi mahuli-huli?
May pugad na nahiklat  mula sa mga sanga
at matagal nang natuyo ang mga itlog
ng mayang nahulog sa duyan ng daluyong,
nang-uudyok ng pagdadalawang isip:
Magpapatuloy ba sa inaakalang pananatili?
Nasa pagdiin sa pedal ang hinihintay na sagot.

**PUNO**

Munting batong tumilapon sa kamay ng nagdaraang estranghero,
humampas sa talim ng batuhang nakausli sa limot na talahiban
at nasalalak sa binuhanging luwad ng kanugnog ng ilug-ilugan.
May ambon at araw na tila naglimlim sa kinasapitan
mong parang hinipan, tumayog kang bagong halaman sa ilang.
Sumiksik ang ugat mo sa mabatong lupa, hinawi ang hadlang
saka tuluyang inabot ang sinag ng mainit na maghapon.
Sa di-kalayuan, natanaw mo ang kabahayang kugon at pawid
at nasinghot ang asap ng siga at alat ng dugo o ng pawis.
Oo, mga tao iyong tulad mo ay nagsisikap na mabuhay
sa lilim ng bughaw na langit, abuhing ulap, at makislap na bituin.
Nakikibaka sa ragasa ng habagat at tayantang ng araw.
Tumitibay ang iyong tipuno kasabay ng madalas nilang pagguho.
May dalaga at binatang sa lilim mo ay namintuho
ng pagkatamis-tamis na pag-ibig at sumpang di-maglalaho,
may pusong tinuklap sa balat mong dumagtang agad ding natuyo
pagkat nakiisa ka sa pintig ng dugong sa isip nila'y magkahalo.
May rebeldeng nagpahingalay sa iyong likod
nang tugisin ng mga punglong gutom na gutom
sa tinig na naglakas-loob na tumutol sa panginoong
humihingi pa ng yamang hinamig na niya kahapon at ngayon;
kundi siya nakatalilis sa tulong ng mapagkanlong na gabi
tiyak na kasama ka niyang malalamuray
ng walang awang ngipin ng armalayt ng mang-aapi.
Ayaw mo sanang maakyat ka ng isang inang malumbay
na walang matukoy na panlunas sa di-mabatang suliranin
kundi ang itulay ang lubid na abaka sa matibay mong duklay
at sa lahat, maitanghal siyang bunga mong wala nang buhay.
Inakyat na parang unggoy ng pagkalikot-likot na binatilyo

ang pinakadulong sanga at pugad ng iyong mga dahon
saka parang Tarzan na isinigaw sa mundo
ang kaniyang pag-imbulog sa langit ng mga pipit,
lumagapak sa lupa, suwerteng maganda ang bagsak
kaya nabuhay ang kumag kahit komang na ang bansag.
Paboritong lugar ka ng isang pintor-pintoran,
inspirasyon sa mata ang luntian mong korona:
Dumaloy ang hulagway ng payapang kuwadro ng tanawin
inakalang natagpuan doon ang kalooban ng Diyos
sa mga kurba ng bundok at hugis ng bukid,
ang misteryo ng bathalang tumatahan sa lahat ng dako.
Halos sintayog mo ang matandang kampanaryo
na tumatawag sa natutulog kapag araw ng pangilin at Linggo,
tumatagos din sa iyo ang mga pinainog na taginting at tono
ng kampanang ginawang trono ng mga langay-langayan
at napalitan lamang ng de-plakang instrumento ang pagsamba nito
pagkaraang bingawin ng mga dekada at tuluyang masintunado.
Tagpuan ka din ng pagbibinyag sa mga binatang taring,
ang ugat mo'y kandungan ng mga nangangatal na puwet
sanhi ng lamig at malaking pagkatakot sa pagbasbas
ng nag-aabang na labaha at tangkay-dahon ng bayabas
at sa pukpok ni Mang Peles sa mga nakapilang burles.
O laking bagbag mo nang gahasain si Mercedes
ng mga halang-ang-bitukang dayo sa bayang matahimik,
hindi nakuhang magpagibik ng kaawa-awang dalaga
sa kumubabaw na mga katawang inaapoy ng pagkademonyo,
kung maihahataw mo lamang ang matitipunong sanga
ginawa mo nang dali-dali sa nagkukumahog na pagkakasala,
ngunit nailugso din ang pinakaiingatang dangal
at luhaan ang amang bumuhat sa lamog na katawan,
bumubulong ng paghihiganti at paghanap ng katarungan.

May magkabiyak na sa liwanag ng buwan ay naglatag ng pag-ibig
magdamag na nalantad kapuwa sa halik ng hamog
alam mong magbubunga ang kanilang pagniniig
tulad ng pamumukadkad at pag-ulan ng dilaw mong bulaklak
sa buwan ng Abril at Mayong nakalaan sa altar ng Birhen.
Higit mong ikinahindik nang kumalat ang sabi-sabi
na may kabang-yamang nakabaon sa iyong tabi
at agad kang kinuyog ng mga piko, pala at timbang
panghukay sa ugat ng gintong galamay na gumagapang
sa ilalim mong matandang puno sa pusod ng ilang.
Muntik mo na itong ikamatay pagkat talaga kang ititimbuwang
ng mga nabubulagan ng pagkagahaman sa multong yaman.
Mabuti na lamang at nagsusumigaw ang katotohanang
iniluwa ng binungkal na batong patay at pagas na lupa:
Walang naninirahan sa iyong natutulog na baul ng hiyas
kundi ikaw na esmeraldang monumentong yumabong
at tumanda nang higit sa lahat dito sa bayan sa dulo ng mundo.